Republika ng Pilipinasas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-7 KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-16 NG AGOSTO, 2022.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | Kasangguni |

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 115-2022**

**ISANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPAHAYAG NG TAOS-PUSONG PAKIKIRAMAY NG BUMUBUO NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG PUNONG LUNGSOD - ABGDO. CHRISTIAN D. NATIVIDAD AT NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD SA PANGUNGUNA NG PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD - KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA AT SA NAULILANG PAMILYA AT KAANAK NG YUMAONG SI KGG. SANTIAGO LOMOTAN DELOS SANTOS - DATING KAGAWAD NG BARANGAY BULIHAN, LUNGSOD NG MALOLOS.**

**AKDA NINA: KGG. FRANCISCO J. CASTRO AT KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**
**KAMAY-AKDA: KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE, KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**

**SAPAGKAT,** si Kgg. Santiago Lomotan Delos Santos, ng Barangay Bulihan, Lungsod ng Malolos, ay ipinanganak noong Hunyo 15, 1949 at sumakabilang buhay noong ika-15 ng Agosto taong kasalukuyan, sa edad na pitumpu't tatlong taong gulang (73 years old);

**SAPAGKAT,** lubos na nagdadalamhati ang kanyang mahal sa buhay na si Gng. Virginia Delos Santos at tatlong (3) naulilang anak at iba pang mga kaanak at mga mamamayan ng Barangay Bulihan;

**SAPAGKAT,** si Kgg. Delos Santos, ay nanungkulan bilang Kagawad ng Barangay ng Bulihan noong taong 2010 hanggang 2013 at nanungkulan din bilang Pangulo ng Katandaan ng Malanggam, Barangay Bulihan;

**SAPAGKAT,** siya rin ay nagsilbi bilang *Lay Minister* sa Barasoain Church at kasapi ng *Planax Boys Bike Group;*

**SAPAGKAT,** siya ay isang huwarang lingkod-bayan at naging saksi ang bawat isa sa atin sa kanyang katapatan, kasipagan at kagandahang-loob, mga katangiang hindi niya ipinagkait hanggang sa huling yugto ng kanyang buhay;

**SAPAGKAT,** ang pagyao ni Kgg. Santiago Lomotan Delos Santos, ay nag-iwan sa atin ng matinding kawalan at ang mga katangi-tangi, mapagkalingang pamanang gampaning iniwan niya sa atin ay lubos nating ipagpapasalamat at patuloy na isusulong at itataguyod bilang simbolo ng isang mabuti at mapagmahal na lingkod bayan;

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. VICTORINO M. ALDABA III
KASANGGUNI

KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

**Dahil dito,** sa pamamagitan ng kahilingan ni **Kgg. Francisco J. Castro** na sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay ginawang pagpapasiya, na ipinahahayag ang taos-pusong pakikiramay ng bumubuo ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos sa pangunguna ng Punong Lungsod - Abgdo. Christian D. Natividad at ng Sangguniang Panlungsod sa pangunguna ng Pangalawang Punong Lungsod - Kgg. Miguel Alberto T. Bautista at sa naulilang pamilya at kaanak ng yumaong si Kgg. Santiago Lomotan Delos Santos, Dating Kagawad ng Barangay Bulihan Lungsod ng Malolos.

**PINAGTIBAY.**

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**
KASANGGUNI

**KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo ng Hapag

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*08162022